# Protektahan ang iyong paycheck, protektahan ang iyong kinabukasan.

Insurance sa kapansanan mula sa
New York Life Group Benefit Solutions



Para sa maraming tao, mahalaga ang bawat paycheck. Anong mangyayari sa iyong mga bayarin, iyong ipon, at iyong pamumuhay kung hindi ka makapagtrabaho?

## Ano ito?

Maaaring maranasan ng sinuman ang hindi inaasahang pagkakasakit o pinsala, anumang oras. Ang insurance sa kapansanan ay isang seguridad sa pananalapi na nagbibigay sa iyo ng bahagi ng iyong kita kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa saklaw na kondisyon.

## Bakit kailangan ko ito?

Makakatulong sa iyo ang insurance sa kapansanan na:

**Protektahan ang iyong mga ipon:**
Iwasan ang paggamit sa mga ipon o pondo sa pagreretiro para mabayaran ang mga gastusin.

**Panatilihin ang iyong pamumuhay:**
Tulungan kang mapanatili ang iyong kasalukuyang antas ng pamumuhay sa panahon ng pagkakaroon ng kapansanan.

**Umiwas sa utang:**
Tulungan kang magbayad ng iyong mga bayarin at maiwasan ang kahirapan sa pananalapi.

**Suporta sa anumang oras na may mga programa at mapagkukunang madaling gamitin.**[1]
Sa sandaling makapagpatala ka, ikaw at ang iyong pamilya ay may access sa mga kapaki-pakinabang na programa at serbisyo, na available mula sa unang araw.

Bokasyonal na Pagtuturo sa Malusog na Pamumuhay sa Trabaho.

Webpage ng Mapagkukunan para Manatiling Malusog sa Trabaho.

# Paano ko ito gagamitin?

1. Kapag nakaranas ka ng sakit o pinsala na pumipigil sa iyong magtrabaho, maghain ka ng claim sa amin. Dagdag pa, ginagawa namin itong madali sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga simpleng claim - tulad ng pagbubuntis - nang hindi kinakailangang magsumite ng mga medikal na rekord o karagdagang papeles.*
2. Kapag naaprubahan na, makakakuha ka ng bahagi ng iyong paycheck para sa isang natakdang panahon.
3. Maaaring gamitin ang mga pagbabayad sa anumang paraan na pipiliin mo, narito ang ilang halimbawa:
   - Pang-araw-araw na gastusin tulad ng mga bayarin sa grocery, pagsasangla, renta o utilidad
   - Mga medikal na bayarin
   - Pangangalaga sa bata



Makipag-usap sa iyong employer para matuto nang higit pa tungkol sa kung paano makakatulong ang insurance sa kapansanan sa iyo at sa iyong mga mahal sa buhay na maging mas handa sa anumang pangyayari sa buhay.

* Kung hindi ka makakabalik sa trabaho tulad ng inaasahan, hihilingin ang mga medikal na rekord para sa patuloy na pagbabayad ng benepisyo.

[1] HINDI insurance ang mga programang ito at hindi nagbibigay ng pag-reimburse para sa mga pagkalugi sa pananalapi. Maaaring malapat ang ilang mga paghihigpit. Hindi available para sa mga patakarang ibinigay ng New York Life Group Insurance Company ng NY. Ibinibigay ang mga programa sa pamamagitan ng mga vendor na ikatlong partido na tanging responsable para sa kanilang mga produkto at serbisyo. Ang buong tuntunin, kondisyon, at pagbubukod ay nakapaloob sa naaangkop na paglalarawan ng programa ng kliyente at maaaring magbago. Maaaring mag-iba ang pagiging available ng programa ayon sa uri at lokasyon ng plano at hindi available kung saan ipinagbabawal ito ng batas.

Maaaring mag-iba ang pagiging available ng produkto ayon sa lokasyon at uri ng plano at maaaring magbago. Maaaring maglaman ang lahat ng patakaran sa insurance ng grupo ng mga pagbubukod, limitasyon, pagbabawas ng mga benepisyo, at tuntunin kung saan maaaring ipagpatuloy o ihinto ang mga parehong patakaran. Para sa mga gastos at kumpletong detalye ng coverage, tingnan ang mga dokumento ng iyong plano.

Ang mga produkto at serbisyo ng New York Life Group Benefit Solutions ay ibinibigay ng Life Insurance Company ng North America at New York Life Group Insurance Company ng NY, mga subsidiary ng New York Life Insurance Company. Hindi pinapahintulutan sa NY at hindi nagsasagawa ng negosyo sa NY ang Life Insurance Company ng North America.

Mga form ng patakaran: Kapansanan-TL-004700 at iba pa.

**New York Life Insurance Company**
51 Madison Avenue, New York, NY 10010

© 2024, New York Life Insurance Company. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang NEW YORK LIFE, at ang Box Logo ng NEW YORK LIFE ay mga trademark ng New York Life Insurance Company.

909290 f 0324 SMRU6555400.1 Exp.04.17.2026